Mga tala sa paggamit

- Kung kinakailangan, humingi ng tulong sa iyong kapamilya o sa ibang tao na ilagay ang ear drops para sa iyo.
- Huwag gumamit ng ear drops na expired, sira, o iba ang kulay.

Mga posibleng side effect

Ang paglalagay ng malamig na ear drops ay maaaring magdulot ng pagkahilo. Para sa mga ear drops kailangan ng pagpapalamig, hawakan ang bote sa iyong kamay nang ilang minute upang maging malapit ito sa temperatura ng katawan bago gamitin.

Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Itapon ang anumang sobrang ear drops ayon sa instruksyon ng pabalat ng gamot.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

PAANO gumamit ng EAR DROPS



NASAL DROPS
EYE OINTMENT
EAR DROPS
EYE DROPS
LOSYON SA KUTO

Drug Office
Department of Health

Paano gumamit ng Ear drops

1. Hugasang maigi ang iyong mga kamay gamit ang tubig at sabon.

2. Itapat ang iyong apektadong tenga nang pataas sa pamamagitan ng pagtagilid ng iyong ulo o sa paghiga sa iyong gilid.

3. Dahan-dahang hilain ang tenga nang pataas at paatras (para sa matatanda), o pababa at paatras (para sa bata).



4. Ilagay sa tenga ang bilang ng patak na inireseta sa iyo. Iwasan na mahawakan ang dulo ng bote ng iyong kamay o tenga upang maiwasan ang kontaminasyon.

5. Pagkatapos ilagay ang gamot, panatilihing nakatagilid ang iyong ulo ng 2 minuto upang hayaan ang gamot na kumalat sa loob ng tenga.

6. Huwag hugasan ang dulo ng bote. Takpan agad ito.